Mayroon dalawang magkapatid sa panahon ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at ang isa ay dumarating sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-habang ang ikalawa ay naghahanapbuhay,isinumbong ng naghahanap-buhay ang kapatid niya sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at Sinabi [ng Propeta]: ((Marahil ikaw ay nabibiyayaan dahil sa kanya))

Ayon kay Anas bin Mālik, malugod si Allāh sa kanya-siya ay nagsabi: Mayroon dalawang magkapatid sa panahon ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at ang isa ay dumarating sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-habang ang ikalawa ay naghahanapbuhay,isinumbong ng naghahanap-buhay ang kapatid niya sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at Sinabi [ng Propeta]: ((Marahil ikaw ay nabibiyayaan dahil sa kanya))

[Tumpak] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy]

Isinasalaysay ni Anas-malugod si Allah sa kanya-siya ay nagsabi: Mayroon dalawang magkapatid sa panahon ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Ang isa sa kanila ay dumarating sa pinagtitipunan ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at nagpapanatili siya rito upang makapagkamit ng kaalaman niya at makakuha ng mga salita at gawa niya.At ang ikalawa,ay naghahanap-buhay ng industriya at naghahanap ng makikitaan,Isinumbong ng naghahanap-buhay ang kapatid niya dahil sa pag-iwan niya ng paghahanap-buhay,sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Nagsabi siya na may [halong] pagtawa sa kanya: Marahil ,ang pagganap mo sa gawain niya,ang siyang dahilan kaya nagiging magaan ang biyaya mo,sapagkat si Allah ay tumutulong sa kanyang alipin,hanggat ang alipin ay tumutulong sa kapatid nito.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3126